



# Binabati kita sa pagpapasya na makuha ang COVID-19 na bakuna!

**Ang desisyon na makuha ang COVID-19 na bakuna ay sa pagitan mo at ng matatanda sa iyong buhay. Ang pagkuha ng bakuna ay nagpapababa ng iyong panganib na makuha ang COVID-19. Kung ikaw ay mahawaan ng virus pagkatapos mong mabakunahan, mas mababa ang posibilidad na magkasakit ka ng malubha. Mas mababa din ang posibilidad na ikalat mo ang virus sa iba.**

**Magiging mas ligtas na mapaligiran ka ng ibang tao kapag ikaw ay nabakunahan. Maaari kang makaramdam na mas ligtas sa paaralan, makipag-usap sa mga kaibigan, paglalaro ng isports o paggawa ng iba pang mga aktibidad na mahal mo!**

## **Paano ko makukuha ang pahintulot ng aking magulang na kunin ang bakuna?**

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, maaari kang samahan ng iyong mga magulang para kunin ang bakuna o maaari kang magdala ng isang form ng pahintulot sa bakuna na nilagdaan ng iyong magulang. Kung hindi posible ang mga opsyon na ito, maaari namin silang tawagan, upang maaari nilang ibigay ang kanilang pahintulot sa pamamagitan ng telepono. Kung hindi namin maabot ang iyong mga magulang, ngunit sa palagay mo ay gusto nilang makuha mo ang bakuna, ibibigay namin ito sa iyo.

## **Ayaw ng mga magulang ko na kunin ko ang bakuna, pero gusto ko. Puwede ko pa rin ba itong makuha?**

Hindi. Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang at alam mong ayaw ng iyong mga magulang na kunin mo ang bakuna, hindi namin ito maibibigay sa iyo. Matutulungan ka naming kausapin ang iyong mga magulang tungkol sa bakuna. Ngunit kung ayaw pa rin nilang makuha mo ito, hindi namin kayo mababakunahan.

## **Ano ang aasahan pagkatapos makuha ang COVID-19 na bakuna.**

Maraming mga tao na tumanggap ng COVID-19 na bakuna ay makadadama ng masamang mga epekto 1-2 araw pagkatapos. Ang mga ito ay hindi senyales ng pagkuha ng COVID-19. Ang mga sintomas na ito ay nangangahulugan na ang bakuna ay gumagana! Kabilang sa mga posibleng epekto ang:

- Sakit sa braso kung saan mo nakuha ang bakuna
- Lagnat, panlalamig, sakit ng kalamnan
- Sakit ng ulo, nakadadama ng pagod o nasusuka

Kung mayroon kang mga napaka-karaniwang sintomas pagkatapos mong makuha ang bakuna, hindi mo kailangang manatili sa bahay at malayo sa iba. Ngunit kung mayroon ka ring iba pang mga sintomas tulad ng ubo o namamagang lalamunan na hindi sanhi ng bakuna, dapat kang manatili sa bahay. Kung hindi bumuti ang iyong pakiramdam 2 araw pagkatapos ng iyong bakuna, dapat mong kausapin ang iyong doktor.

Habang hindi napaka-karaniwan, ang ilang mga tao ay may malubhang epekto na reaksyon sa COVID-19 na bakuna. Ito ang dahilan kung bakit kailangan mong maghintay nang 15 hanggang 30 minutos pagkatapos mong makuha ang bakuna para masubaybayan ng iyong tagapagbigay ang anumang malubhang reaksyon.

## **Huwag kalimutan na bumalik para sa iyong pangalawang dosis!**

Itanong sa iyong tagapagbigay kung kailan mo kailangan bumalik para sa pangalawang dosis at gumawa ng appointment bago ka umalis. Tumatagal ng 2 linggo matapos makuha ang pangalawang dosis ng COVID-19 na bakuna upang ituring kang 'lubos na nabakunahan' laban sa COVID-19.

## **Ilagay ang iyong bakuna card sa isang ligtas na lugar.**

Bibigyan ka ng card na nagpapakita ng pangalan at petsa ng iyong pagbabakuna. Ito ang iyong patunay na ikaw ay nabakunahan laban sa COVID-19! Kunan ng litrato at i-email ito sa iyong sarili. Ipakita ito sa iyong doktor sa susunod mo silang makita.



City and County  
of San Francisco



[sf.gov/fil/  
CovidVaccine](https://sf.gov/fil/CovidVaccine)